



FORT BEND COUNTY COURTS

Abiso sa Plano sa Pag-access ng Wika

Ang mga Fort Bend County Courts at Law at District Court ay naninindigan sa pagbibigay ng makabuluhang pag-access sa mga serbisyo ng hukuman para sa mga indibidwal na Limitado ang Katatasan sa Ingles (Limited English Proficient, LEP). Available ang Mga Serbisyo sa Tulong sa Wika **nang libre** sa sinumang taong nauugnay sa isang paglilitis sa hukuman na nahihirapang makipag-usap sa wikang Ingles o na nangangailangang magpasalin ng isang dokumento sa Ingles.

May kopya ng Plano ng Fort Bend County sa Pag-access sa Wika sa webpage na www.fbctx.gov/languageaccess na nagpapaliwanag nang detalyado ng pagkakaroon ng mga serbisyo na tulong sa wika.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa isang wika maliban sa Ingles, maaari kayong humiling ng mga serbisyo na tulong sa wika nang libre. Para sa higit na impormasyon tungkol sa mga serbisyo na interpretasyon o pagsasaling-wika, pakitawagan ang 281-633-7658 o i-email kami sa: languageaccess@fbctx.gov.

Ang sinumang indibidwal na nais mag-ulat na hindi ipinagkakaloob ang hiniling na mga serbisyo ng interpreter o iba pang problema, tulad ng hindi maayos na kalidad ng pag-iinterpret, ay maaaring magkumpleto ng Form para sa Reklamo tungkol sa Pag-access sa Wika.

Makukuha ang mga Form para sa Reklamo tungkol sa Pag-access ng Wika sa webpage ng County Court sa www.fbctx.gov/languageaccess. Makakakuha rin ng mga naka-print na kopya sa bawat hukuman at sa Justice Center Information Desk na matatagpuan sa unang palapag. Maaaring isumite ang mga nakumpletong form sa pamamagitan ng email o koreo sa:

Language Access Director
Fort Bend County Courts
301 Jackson Street
Richmond, Texas 77469
languageaccess@fbctx.gov

Kukumpirmahin ng Language Access Director ang pagkakatanggap sa inyong reklamo sa loob ng 10 araw ng negosyo.